

TEN

PERFECT LAW
PERFECT LOVE

FILIPINO

WEEK 7

Huwag Kayong Mangangalunya

NOTES

WARM-UP

- Ano ng pinaka-paborito mong pelikula tungkol sa pag-ibig? Bakit mo ito paborito?
- Ilarawan ang kung ano ang ulirang lalaki o babae para sa 'yo.
- Sa paglaki mo, ano ang naging larawan mo sa pag-aasawa?

Ang mundong ating ginagalawan ay may kakaibang kahulugan sa pag-aasawa. Ang ibang tao ay nagsasabi na, "Basta masaya, ayos na 'yon sa nagsasama," o ang iba ay nagsasabi na "Basta kayo'y nagkakasundo, uubra na 'yan." Ang media ay tila nagsasabi din na ang pisikal na pagkagusto ang pinakamahalaga sa lahat. Ang ika-walong utos, "*Huwag kayong mangangalunya*," ay tumutukoy sa pag-aasawa na wala sa kagustuhan ng Diyos. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong mga konsepto ayon sa Bibliya, na makatutulong sa atin sa pagkakaroon ng tamang pananaw sa pag-aasawa.

1 Ang pag-aasawa ay sagrado.

Dapat ninyong pahalagahan ang pag-aasawa, at dapat ninyong iwasan ang pangangalunya. Sapagkat hahatulan ng Diyos ang mga nangangalunya at ang mga imoral. **MGA HEBREO 13:4**

Ginawa ng Diyos ang pag-aasawa bilang pagsasama ng isang lalaki at isang babae (Genesis 1:27,28). Dapat nating igalang ang kabanalan ng kasunduan ng pagpapakasal dahil ito ay itinakda ng Diyos. Ang dungisan ito ay pagsira sa orihinal na dahilan ng Diyos para sa pag-aasawa. Ano ang ibig sabihin ng paggalang sa pag-aasawa?

2 Ang pangangalunya ay kasalanan.

Hindi ba ninyo alam na hindi magmamana ng kaharian ng Diyos ang masama? Huwag kayong palilinlang! Sapagkat kailanma'y hindi magmamana ng kaharian ng Diyos ang mga immoral, sumasamba sa diyos-diyosan, nangangalunya, nakikipagrelasyon sa kapwa lalaki o babae... 1 CORINTO 6:9

Ang pangangalunya ay kasalanan, at kinamumuhian ito ng Diyos (gaya ng pagkamuhi Niya sa iba pang kasalanan). Ano man ang opinyon ng lipunan tungkol sa pag-aasawa, ang ating pamantayan ay dapat na naaayon sa Salita ng Diyos. Ibinigay ng Diyos ang Kanyang mga utos hindi upang ipagkait ang anumang bagay sa atin, kundi upang tulungan tayo kung paano mamuhay ng may kabanalan bilang mga anak Niya. Sinisira ng kasalanan ang tunay na kasiyahan na maaaari nating maranasan sa pamamagitan ng plano ng Diyos sa ating mga buhay. Bilang mga anak ng Diyos, ano ang dapat nating hangarin? (2 Timoteo 2:22).

3 Ang pangangalunya ay nagsisimula sa masamang pagnanasa.

²Magdadapit-hapon noon, nang bumangon si David at naglakad-lakad sa patag na bubungan ng palasyo. Habang nakatingin siya sa ibaba, may nakita siyang isang magandang babaeng naliligo. ³Nag-utos si David na alamin kung sino ang babaing iyon. Napag-alaman niyang ang babae ay si Batsheba, anak ni Eliam at asawa ni Uriah na Heteo. ⁴Ipinasundo ni David si Batsheba, at nang dumating ito, sinipingan siya ni David . . . 2 SAMUEL 11:2-4

Ang pangangalunya ay hindi lang ang mismong kilos—ipinakikita ditto ang tunay na kalagayan ng ating mga puso, at ito ay nagsisimula sa paghahangad sa labas ng kalooban ng Diyos. Sinabi ni Jesus na “. . . ang tumingin lang sa isang babae nang may masamang pagnanasa ay nagkasala na ng pangangalunya sa kanyang isip” (Mateo 5:27,28). Ang ating mga tinititigan ay siyang nagpapakita ng laman ng ating mga puso. Ano ang mga bagay na natutunan mong bantayan upang mapanatili ang kadalisan o kalinisan ng iyong puso?

APPLICATION

- Ano ang natutunan mo sa araling ito tungkol sa pag-aasawa? Ano ang kahalagahan nito sa iyong buhay sa kasalukuyan?
- Paano mo mapangangalagaan ang iyong puso laban sa maling pagnanasa at tukso? Sino ang maaaring manalangin para sa 'yo, upang mapagtagumpayan mo ang mga tukso?
- May kakilala ka ba na nahihirapan sa kanyang pagkakaintindi sa pag-aasawa? Paano mo siya matutulungan ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa inihandog Niya sa atin na pag-aasawa, at sa Kanyang mga plano sa ating mga pamilya.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na mamuhay nang may kabanalan, at nang naaayon sa Kanyang kagustuhan.
- Ipanalangin na gamitin ng Diyos ang iyong buhay upang maging patotoo para sa Kanyang karangalan. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng lakas ng loob na ipangaral ang ebanghelyo sa mga tao sa paligid mo.



VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph